## APPLICATION

- Sino ang susunod na henerasyon na maaari mong abutin at tulungang sumunod sa Diyos? Ano ang maaari mong gawin upang mas makilala pa nila ang Diyos ngayong linggo?
- Papaano mo ipapanalangin ang susunod na henerasyon? Papaano isasapamuhay ang mga pinag-usapan ngayon?
- Papaano ka magiging magandang halimbawa sa susunod na henerasyon?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang makapangyarihang plano na kumilos sa bawat henerasyon.
- Manalangin na ikaw ay maging pagpapala at halimbawa sa susunod na henerasyon. Hingin sa Diyos na tulungan kang manalig at tuparin ang ipinangako tulad ni Hanna.
- Ipanalangin ang susunod na henerasyon. Hilingin sa Diyos na ang iyong mga anak, kamag-anak, kaibigan, at mag-aaral ay makapaglingkod sa Diyos ng buong puso tulad ni Samuel.

VICTORY

Copyright © 2014
Permission to photocopy this material from Victory® is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph

YOU



# Ngayon

## NOTES

## WARM-UP

- Kumusta naman ang araw mo? Anong nangyari?
- Ibahagi sa amin ang tungkol sa pinakabatang taong kasundo mo. Ano ang gusto mo sa kanya?
- Ano ang kinahihiligan ng mga kabataan ngayon na gusto mo o hindi mo maintindihan? sa Palagay mo, bakit nauuso ito?

**WORD**

*[27] "Hiningi ko po ang batang ito sa Panginoon at ibinigay niya ang kahilingan ko. [28] Kaya ngayon, ihahandog ko po siya sa Panginoon. Maglilingkod po siya sa Panginoon sa buong buhay niya." Pagkatapos ay sumamba sila sa Panginoon."* **1 SAMUEL 1:27,28 (BASAHIN DIN ANG 1 SAMUEL 1:1-26.)**

---

Si Hanna ay isang babaeng may pananalig na dinala ang kanyang matinding problema—ang kanyang pagiging baog—sa Panginoon. At ang naging tugon ng Diyos kay Hanna ay hindi lamang para sa kanyang pansariling kapakinabangan. Sinagot ng Diyos si Hanna sa Kanyang kapangyarihan at kaalaman sa pamamagitan ng isang anak na mamumuno sa bayan ng Diyos pabalik sa Kanya at magbibigay-daan upang maisilang ang Mesiyas. Sa araling ito, titingnan natin ang tatlong kaparaanan ni Hanna kung paano niya pinahalagahan ang susunod na henerasyon at natupad ang layunin ng Diyos pa kanyang buhay.

## 1 Ipanalangin ang susunod na henerasyon.

*[10]. . . tumayo si Hanna at nanalangin nang umiiyak dahil sa labis na kalungkutan. . . . [15]. . . "Ibinubuhos ko lang po sa Diyos ang paghihirap na aking nararamdaman. [16]. . . Nananalangin po ako rito dahil sa labis na kalungkutan."* **1 SAMUEL 1:10,15,16**

Si Hannah ay labis na nabahala dahil wala siyang anak. Ang kanyang naging paraan? Inilapit niya ang kanyang pangangailangan at dalamhati sa Diyos. Humiling siya ng isang anak na lalaki sa Diyos at sinagot ng Diyos ang kanyang panalangin. Gayun din, maaari nating ilapit ang ating mga alalahanin at mga pighati para sa susunod na henerasyon sa Diyos. Dapat lamang na hingin natin sa Diyos at ipanalangin ang susunod na henerasyon dahil sila ay pagpapala at gantimpala galing sa Diyos (Salmo 127:3). Papaano natin maipagdadasal ang susunod na henerasyon? Ano ang maaari nating ipanalangin?

## 2 Ihandog ang susunod na henerasyon para sa Panginoon.

*Nangako si Hanna sa Panginoon. Sinabi niya, "O Makapangyarihang Panginoon, tingnan po ninyo ang aking paghihirap. Alalahanin ninyo ang inyong lingkod at huwag ninyo akong kalimutan. Kung bibigyan n'yo po ako ng isang anak na lalaki, ihahandog ko siya sa inyo para maglingkod sa inyo sa buong buhay niya. At bilang tanda ng lubos niyang pagsunod sa inyo, hindi ko po papagupitan ang kanyang buhok."* **1 SAMUEL 1:11**

Kahit na hiniling ni Hanna ang isang anak na lalaki sa Diyos, alam niya at nais niyang matupad ng kanyang anak ang layunin ng Diyos para sa kanyang buhay—at hindi yung kagustuhan niya. Nangako siyang palakihin si Samuel sa kaparaanan ng Diyos. Samakatwid, ang papel natin sa paghahanda sa susunod na henerasyon na inihabilin sa atin (mga anak, pamangkin, kaanak, kaibigan, mag-aaral) ay ang gabayan sila papalapit sa Diyos at tulungan silang sumunod sa Kanya. Maaari natin silang gabayang magtagumpay sa pagpapalaki sa kanilang may takot sa Diyos at nananatili sa Kanya. Kalakip dito ang ating pagsasakripisyo na paggugulan sila ng panahon at pagtatiyaga. Ano ang isinuko ni Hanna upang panindigan ang kanyang pangakong pag-aalay ng kanyang anak sa Diyos?

## 3 Pangunahan ang susunod na henerasyon na sumamba sa Diyos.

*[26] Sinabi ni Hanna kay Eli, "Kung natatandaan n'yo po, ako ang babaing tumayo rito noon na nanalangin sa Panginoon. [27] Hiningi ko po ang batang ito sa Panginoon at ibinigay niya ang kahilingan ko. [28] Kaya ngayon, ihahandog ko po siya sa Panginoon. Maglilingkod po siya sa Panginoon sa buong bahay niya." Pagkatapos ay sumamba sila sa Panginoon.* **1 SAMUEL 1:26-28**

Matapos ibinigay ni Hanna si Samuel sa Panginoon, binanggit sa Bibliya na sumamba si Samuel sa Diyos. Ang kagustuhan ni Hanna na sundin ang Diyos at samabahin Siya (1 Samuel 1:18,19) ang nakatulong kay Samuel na sumunod sa Diyos at samabahin din Siya. Magagabayan natin ang susunod na henerasyon na sumamba sa Diyos sa ating pagsamba sa Kanya at pagsamba natin kasama sila. Bakit mahalaga ang ating halimbawa para makita ng susunod na henerasyon at kanila ring tularan?